California
Department of
Health Services

DIANA M. BONTÁ, R.N., Dr. P.H.
Director

Department of Health Services

PABATID MULA SA CALIFORNIA MEDI-CAL PROGRAM

GRAY DAVIS
Governor

Patalastas Tungkol sa mga Patakaran sa Kalihiman

May-bisa Simula Abril 14, 2003

ANG PATALASTAS NA ITO AY NAGPAPALIWANAG KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT AT MAIBUNYAG SA IBA ANG MGA IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO NINYO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING BASAHIN ITO NANG MABUTI.

ANG KALIHIMAN AT KAYO

Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay personal at pribado. Kailangang panatilihing lihim ng Medi-Cal Program ang inyong impormasyong pangkalusugan. Nakakakuha kami ng impormasyon tungkol sa inyo sa panahong nag-aaplay kayo para sa Medi-Cal. Ang mga doktor, dentista, klinika, laboratoryo, at ospital na tumitingin sa inyo ay nagpapadala sa amin ng impormasyon kapag hinihiling nila na aprobahan at bayaran namin ang mga serbisyong pangkalusugan na ipinagkaloob sa inyo. Kailangang ibigay namin sa inyo ang Patalastas na ito tungkol sa batas na nauukol sa kung paano namin pinangangalagaan at pinananatiling lihim ang inyong impormasyong pangkalusugan.

MGA PAGBABAGO SA PATALASTAS TUNGKOL SA MGA PATAKARAN SA KALIHIMAN

Kailangang sundin ng Medi-Cal ang mga tuntuning nasa Patalastas na ito. May karapatan kaming baguhin ang aming mga patakaran sa kalihiman. Kung mayroon nga kaming babaguhin, magpapadala kami agad ng panibagong Patalastas sa lahat ng taong tumatanggap ng Medi-Cal.

PAANO NAMIN MAAARING MAGAMIT AT MAIBUNYAG SA IBA ANG INYONG IMPORMASYON

Ang programa ng Medi-Cal ay kailangang sumunod sa mga batas na nauukol sa paraan ng aming paggamit at pagbunyag sa iba ng inyong impormasyon, tulad ng inyong pangalan, address, mga bagay-bagay na personal tungkol sa inyo, ang paggagamot sa inyo at ang mga medikal rekord ninyo. Kailangang may dahilang nauugnay sa pangangasiwa ng programa ng Medi-Cal upang ang anumang impormasyon ay maibunyag sa iba. Kabilang sa mga tinutukoy na dahilan:

- Upang aprobahan ang pagiging karapat-dapat at ang mga benefit na pangmedikal at pandental
- Upang pasimulan ang mga paraan sa pagbayad sa mga serbisyong pangkalusugan
- Upang aprobahan, pagkalooban, at bayaran ang mga serbisyong pangkalusugan na sagot ng Medi-Cal
- Upang imbestigahan at usigin ang mga kasong nauugnay sa Medi-Cal (tulad ng pandaraya)

Bakit namin maaaring magamit o maibunyag sa iba ang inyong impormasyong pangkalusugan:

1. **Para sa paggagamot:** Maaaring kailangang aprobahan muna ng Medi-Cal, bago kayo magpatingin sa doktor, dentista, klinika o sa ibang tagabigay ng serbisyong pangkalusugan. Ibubunyag namin ang impormasyon sa mga kinakailangang tagabigay ng serbisyo upang makatiyak na matanggap ninyo ang serbisyong kailangan ninyo.

2. **Para sa pagbabayad:** Kapag binabayaran ng Medi-Cal ang mga singil para sa mga serbisyong pangkalusugan na ipinagkaloob sa inyo, ibinubunyag namin ang impormasyon sa inyong tagabigay ng serbisyong pangkalusugan at sa iba pang sumisingil sa amin para sa mga serbisyong pangkalusugan na ipinagkaloob sa inyo. Maaaring ang ibang singil ay ipadadala namin sa ibang planong pangkalusugan o grupong nagbabayad sa mga singil.

3. **Para sa pamamahala ng mga serbisyong pangkalusugan:** Maaari naming magamit ang inyong mga rekord na pangkalusugan upang suriin ang uri ng mga serbisyong pangkalusugan na natatanggap ninyo. Maaari rin naming gamitin ang mga ito sa pag-odit, sa mga programang nauukol sa pandaraya at sa paggamit sa di-tamang paraan, sa pagplano, at sa pamamahala sa programa ng Medi-Cal.

4. **Para sa mga patalastas na pangkalusugan**: Maaari kaming magpadala sa inyo ng mga patalastas tungkol sa mga libreng pagpapatingin at pag-iksamen, mga programa ng pagkain, at iba pang mga paksa.

5. **Para sa mga dahilang legal**: Maaaring naming maibigay ang inyong impormasyon sa hukuman, imbestigador, o abogado sa mga kasong may-kinalaman sa Medi-Cal. Ito ay maaaring tungkol sa pandaraya o sa paggamit sa di-tamang paraan, o upang mabawi ng Medi-Cal ang perang ibinayad nito para sa inyong pagpapagamot na dapat bayaran ng iba, o para sa iba pang isyung nauugnay sa programa ng Medi-Cal. Kapag inutusan kami ng hukuman na ibunyag ang inyong impormasyon, kami ay susunod.

6. **Para sa pag-aapela:** Kayo o ang inyong tagabigay ng serbisyong pangkalusugan ay maaaring mag-apela ng mga desisyon ng Medi-Cal tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan na ipinagkaloob sa inyo. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring magamit sa pagpapasiya sa ganitong pag-aapela.

7. **Para sa pagiging karapat-dapat:** Maaari naming ibunyag ang inyong impormasyon sa mga ahensyang pederal, estado at lokal sa panahon na kayo ay mag-aplay para sa Medi-Cal upang tiyakin ang inyong pagiging karapat-dapat, at para sa iba pang dahilang nauugnay sa pamamahala ng programa ng Medi-Cal. Kasali dito ang pakikipag-ugnay sa INS upang tiyakin ang immigration status ng mga tao lamang na humihiling ng kalahatan ng benefit ng Medi-Cal. Alinsunod sa batas pederal, hindi magagamit ng INS ang ganitong impormasyong para sa anumang dahilan maliban lamang sa mga kaso ng pandaraya.

NAKASULAT NA PAHINTULOT

May-takda ang mga paraan sa paggamit o sa pagbunyag ng Medi-Cal sa inyong impormasyon. Kung nais naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa paraang hindi nakalista sa itaas, kailangan kaming kumuha ng kasulatan na nagbibigay ng pahintulot mula sa inyo. Kapag ibinigay ninyo ang inyong pahintulot, maaari ninyong iurong ito sa pamamagitan ng isang kasulatan sa anumang panahon.

ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA KALIHIMAN?

Kayo ay may karapatan na:

- Humiling sa amin na ang inyong impormasyon sa Medi-Cal ay huwag gamitin o ibunyag sa iba sa mga paraang nakalista sa itaas. Maaaring hindi namin masang-ayunan ang inyong kahilingan.

- Humiling sa amin na kayo ay kontakin sa pamamagitan lamang ng sulat, sa ibang address, sa isang post office box, o sa pamamagitan lamang ng telepono. Tatanggapin namin ang mga makatwirang kahilingan kung kinakailangan para sa inyong kaligtasan.

- Tingnan at kumuha ng kopya ng inyong impormasyon sa Medi-Cal. Maaaring tingnan ito ng isang personal na kinatawang may kapangyarihang legal na kumatawan para sa inyo at maaari kunin niya ito para sa inyo. Kami ay may impormasyon tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, sa mga singil sa inyong pagpapagamot, at ilang mga medikal rekord. Upang makakuha ng kopya ng inyong mga rekord, humiling na padalhan namin kayo ng pormularyong susulatan. Kakailanganin ninyong magbayad ng singil para sa pagkopya at sa pagpadala sa koreo ng mga rekord. Kapag pinahihintulutan

ng batas, ang ilang bahagi ng inyong rekord ay maaaring hindi namin ipakita sa inyo.

- Humiling na palitan ang impormasyon sa inyong rekord kung hindi tama o hindi kumpleto ito. Maaaring pahindian namin ang pagbabago ng impormasyon kung hindi ang Medi-Cal ang gumawa o nagtago nito, o kung tama o kumpleto na ito. Maaari kayong humiling na rebyuhin ang pagtanggi o magpadala ng sulat ng di-pag-sang-ayon sa pagtanggi. Ang sulat na ito ay itatagong kasama ng inyong mga rekord sa Medi-cal.

- Humiling sa amin ng impormasyon tungkol sa inyo na ibinunyag sa iba para sa anumang dahilan maliban sa pagpapagamot, pagbabayad, o palakad ng Medi-Cal. Maaari kayong humiling ng listahang nagpapahayag ng kung kanino namin ibinunyag ang inyong impormasyon, kailan, bakit, at kung anong impormasyon ang ibinunyag. Ang listahan ay magsisimula sa Abril 14, 2003.

- Humiling ng kopya nitong Patalastas Tungkol sa mga Patakaran sa Kalihiman na nilimbag sa papel. Maaari rin ninyong makita ang Patalastas na ito sa aming website sa: www.dhs.ca.gov.

******** MAHALAGA ********

ANG MEDI-CAL AY WALANG MGA BUONG KOPYA NG MGA MEDIKAL REKORD NINYO. KUNG NAIS NINYONG MAKITA, KUMUHA NG KOPYA, O BAGUHIN ANG INYONG MGA MEDIKAL

REKORD, MANGYARING KONTAKIN ANG INYONG DOKTOR, DENTISTA, KLINIKA, O PLANONG PANGKALUSUGAN. KUNG KAYO AY KASAPI SA ISANG MANAGED CARE PLAN, YAONG PLANO AY MAAARING MAY IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA SINGIL NA BINAYARAN PARA SA INYO PAGKATAPOS KAYONG SUMALI SA PLANO. MANGYARING KONTAKIN ANG MANAGED CARE PLAN UPANG MATINGNAN O MAKUHA ANG KOPYA NOONG MGA SINGIL.

PAANO AKO MAGTATANONG TUNGKOL SA AKING MGA KARAPATAN SA KALIHIMAN?

Kung nais ninyong pairalin ang alinman sa mga karapatan sa kalihiman na ipinaliliwanag sa Patalastas na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

Privacy Officer
CA Department of Health Services
P.O. Box 942732
Sacramento, CA 94234-7320
(916) 255-5259 o (877) 735-2929 TTY/TDD

PAANO AKO MAGHAHARAP NG SUMBONG?

Kung sa palagay ninyo ang inyong mga karapatan sa kalihiman ay nilapastangan at nais ninyong magharap ng sumbong, maaari kayong magharap ng sumbong sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

Privacy Officer
CA Department of Health Services
P.O. Box 942732
Sacramento, CA 94234-7320
(916) 255-5259 o (877) 735-2929 TTY/TDD

O

Kalihim ng Kagawaran ng Lingkurang Pangkalusugan at Pantao ng U.S.
Tanggapan para sa Mga Karapatang Pangmamamayan
Atensyon: Manager na Panrehiyon
(Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services)
(Office for Civil Rights)
(Attention: Regional Manager)
50 United Nations Plaza, Room 322
San Francisco, CA 94102
Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (800) 368-1019
o sa
Tanggapan para sa Mga Karapatang Pangmamamayan ng U.S.
(U.S. Office for Civil Rights) sa (866) OCR-PRIV (866-627-7748)
o sa (866) 788-4989 TTY

WALANG PAGHIHIGANTI

Hindi maaaring tanggalin ng Medi-Cal ang inyong mga benefit para sa mga serbisyong pangkalusugan o maghiganti sa anumang paraan kapag kayo ay magharap ng sumbong o magpairal ng alinman sa mga karapatan sa kalihimang nasa Patalastas na ito.

MGA KATANUNGAN

Kung kayo ay may anumang katanungan tungkol sa Patalastas na ito at nais ninyo ng karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Opisyal para sa Kalihiman (Privacy Officer), sa Kagawaran ng Lingkurang Pangkalusugan (Department of Health Services), na nakalista sa itaas.

Upang makakuha ng kopya nitong Patalastas sa ibang wika, sa Braille, na limbag sa malalaking letra, sa audiocassette o sa computer disk, mangyaring tumawag o sumulat sa Opisyal para sa Kalihiman (Privacy Officer) sa numero o sa address na nasa ika-6 na pahina.

إذا أردت الحصول على معلومات عن حقوقك في الحفاظ على السرية الشخصية في نظام الرعاية الصحية لولاية كاليفورنيا (ميدي–كال Medi-Cal) ، اتصل مع رقم الهاتف 255-5259 (916) (Arabic)

Եթե դուք ցանկանում եք տեղեկություն ստանալ ձեր Medi-Cal-ի Գաղտնիության Իրավունքների մասին, ապա խնդրում ենք զանգահարել (916) 255-5259 հեռախոսահամարով: (Armenian)

ប្រសិនបើលោកអ្នកចង់ជ្រាបពត៌មានស្តីអំពីសិទ្ធិនូវអ្វីដែលអ្នកត្រូវទទួលបាន ពី Medi-Cal របស់អ្នក សូមទូរស័ព្ទទៅលេខ (916) 255-5259. (Cambodian/Khmer)

如果你想要得到有關 Medi-Cal 保護個人隱私權利的資料，請致電 (916) 255-5259 (Cantonese)

اگر در مورد محرمانه بودن حقوق Medi-Cal خود اطلاعات میخواهید, لطفا با شماره 255-5259 (916) تماس بگیرید. (Farsi)

Yog hais tias koj xav paub ntxiv txog Medi-Cal Txoj Cai Ceev Tseg, thov hu xov tooj rau (916) 255-5259. (Hmong)

귀하의 Medi-Cal 비공개 권리에 관한 정보를 원하시면 (916) 255-5259로 전화하십시오 (Korean)

如果你希望得到有关 Medi-Cal 保护个人隐私权利的资料，请致电 (916) 255-5259 (Mandarin)

Если Вы хотите получить информацию о том, как в рамках программы Medi-Cal обеспечиваются ваши права на неприкосновенность частной жизни, звоните по телефону (916) 255-5259. (Russian)

Kung nais ninyo ng impormasyon tungkol sa inyong mga Karapatan sa Kalihiman sa Medi-Cal, mangyaring tumawag sa (916) 255-5259. (Tagalog)

Nếu muốn biết thêm thông tin về Quyền Riêng Tư của Medi-Cal, xin gọi số (916) 255-5259. (Vietnamese)